

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy ng Uri ng Pandiwa

Kakayahan: Naitutukoy kung ang pandiwa ay palipat o katawanin

Isulat ang **P** sa patlang kung ang pandiwang may salungguhit ay **pandiwang palipat** (*transitive verb*). Isulat ang **K** kung ito ay **pandiwang katawanin** (*intransitive verb*).

- _____ 1. Sino ang gustong manood ng bagong pelikula?
- _____ 2. Nangongolekta ng *Hot Wheels* ang Tito Joel ko.
- _____ 3. Umuupo sa balkonahe si Lola Nita tuwing umaga.
- _____ 4. Humatsing siya nang napakalakas dahil nakalanghap siya ng paminta.
- _____ 5. Si Delia ay nag-alay ng mga bulaklak sa imahen.
- _____ 6. Ang dalaga ay tahimik na nagbabasa.
- _____ 7. Ipinakita niya sa amin ang larawan ng kanyang mag-anak.
- _____ 8. Huwag kang maglakad sa ulan kung wala kang botas.
- _____ 9. Tinikman ni Dennis ang sinigang na iniluto ni Jun.
- _____ 10. Ang mga bus mula sa probinsiya ay hindi humihinto rito.
- _____ 11. Araw-araw ka bang naglalaro ng basketbol?
- _____ 12. Hindi ko nais makipagtalo ngayon.
- _____ 13. Ang tatlong bilanggo ay nakatakas.
- _____ 14. Hindi ako umiinom ng kape sa gabi.
- _____ 15. Ang mga batang pulubi ay natutulog sa bangketa.

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy ng Uri ng Pandiwa (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy kung ang pandiwa ay palipat o katawanin

Isulat ang **P** sa patlang kung ang pandiwang may salungguhit ay **pandiwang palipat** (*transitive verb*). Isulat ang **K** kung ito ay **pandiwang katawanin** (*intransitive verb*).

- P 1. Sino ang gustong manood ng bagong pelikula?
- P 2. Nangongolekta ng *Hot Wheels* ang Tito Joel ko.
- K 3. Umuupo sa balkonahe si Lola Nita tuwing umaga.
- K 4. Humatsing siya nang napakalakas dahil nakalanghap siya ng paminta.
- P 5. Si Delia ay nag-alay ng mga bulaklak sa imahen.
- K 6. Ang dalaga ay tahimik na nagbabasa.
- P 7. Ipinakita niya sa amin ang larawan ng kanyang mag-anak.
- K 8. Huwag kang maglakad sa ulan kung wala kang botas.
- P 9. Tinikman ni Dennis ang sinigang na iniluto ni Jun.
- K 10. Ang mga bus mula sa probinsiya ay hindi humihinto rito.
- P 11. Araw-araw ka bang naglalaro ng basketbol?
- K 12. Hindi ko nais makipagtal ngayon.
- K 13. Ang tatlong bilanggo ay nakatakas.
- P 14. Hindi ako umiinom ng kape sa gabi.
- K 15. Ang mga batang pulubi ay natutulog sa bangketa.